



Social Security

Ano ang Dapat Ninyo Malaman Kapag Kayo ay Benepisyo Sa Pagre-retiro At Sa Mga Nabalo

2008

www.socialsecurity.gov

Bisitahin ang aming website

Ang aming website, www.socialsecurity.gov, ay napaka-mahalagang mapag-kukunan ng kaalaman tungkol sa lahat ng mga palatuntunan ng Social Security. Sa aming website, maaari ka ring:

- Makakapag-aplay kayo para sa ilang mga uri ng benepisyoy;
- Mahahanap ninyo ang address ng tanggapan ng Social Security sa inyong lugar;
- Mababago ninyo ang inyong address;
- Makakapag-aplay kayo para sa isang password upang itsek ang inyong mga benepisyoy o baguhin ang inyong direct deposit;
- Makakahingi kayo ng kapalit na Medicare card;
- Makakahingi kayo ng isang sulat upang kompirmahin ang halaga ng inyong benepisyoy; at
- Makakahanap kayo ng mga kopya ng aming mga publikasyon.

Ang ilan sa mga paglilingkod na ito ay sa wikang English lang. Upang matagpuan ang lahat ng mga publikasyon na magagamit mo sa wikang (Tagalog), maari lang na paki bisita ang aming Napakaraming wika (Multilanguage) sa pahina ng www.socialsecurity.gov/multilanguage.

Tumawag sa numero naming 1-800

Dagdag pa sa paggamit ng aming website, maaari ka ring makatawag ng libre sa **1-800-772-1213**. Masasagot namin ang mga detalyadong katanungan magmula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Makapag-bibigay kami ng impormasyon sa pamamagitan ng aming automated na serbisyo ng telepono 24 oras araw-araw. Kung ikaw ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari mong tawagan ang aming TTY na numero sa, **1-800-325-0778**. Itinuturing naming lihim ang lahat ng mga tawag.

Kung kailangan mo ng interpreter sa pag-aasikaso ng iyong business sa Social Security, may nakalaan kaming serbisyo dito ng libre. Ang mga serbisyo ng interpreter ay makukuha kapag kina-usap mo kami sa telepono o sa tanggapan ng Social Security. Tumawag ng libre sa aming numero **1-800-772-1213**, kung ang wika mo ay Tagalog, pindutin ang 1 at maghintay hanggang sumagot ang isang kinatawan. Ang Tagalog interpreter ay tatawagin para matulungan ka sa iyong tawag. Kung hindi matapos ang business mo sa telepono, ikukuha ka namin ng appointment para sa lokal na tanggapan ng Social Security at aayusin namin na may Tagalog interpreter doon sa oras ng iyong pag-bisita.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

Ano ang nasa loob

Pasimula	4
Tungkol sa inyong mga benepisyo	4
Mga serbisyo na ibinibigay namin	7
Ano ang dapat ninyo iulat sa amin	8
Ang pagtratrabaho at kasabay na pagkuha ng Social Security	15
Iba pang mahalagang impormasyon	20
Tungkol sa Medicare	24

Pasimula

Ipinapaliwanag ng booklet na ito ang ilan sa inyong mga karapatan at mga pananagutan kapag tumatanggap kayo ng retirement o survivors benefits. Iminumungkahi namin ang maglaan ngayon ng panahon upang basahin ang booklet na ito; pagkatapos ay ilagay ito sa isang ligtas na lugar upang matingnan ninyo ito sa ibang panahon. Kung tumatanggap rin kayo ng Supplemental Security Income (SSI) na mga kabayaran, mangyaring tawagan kami para sa *What You Need To Know When You Get Supplemental Security Income (SSI) A* (Publikasyon Blg. 05-11011, no *Ang Dapat Ninyo Malaman Kapag Kayo Ay Tumatanggap ng Supplemental Security Income (SSI)*—Ang pahayag na ito ay makukuha lang sa Ingles).

Tungkol sa inyong mga benepisyo

Kailan at paano binabayaran ang inyong mga benepisyo

Ang mga benepisyo sa Social Security ay binabayaran bawat buwan sa buwan na kasunod ng buwan kung kailan sila dapat bayaran; halimbawa, matatanggap ninyo sa Agosto ang inyong benepisyo para sa Hulyo. Sa pangkalahatan, ang araw ng buwan kung kailan ninyo matatanggap ang bayad ng inyong benepisyo ay depende sa petsa ng kapanganakan ng tao na may-ari ng earnings record na tinatanggap ninyo ng mga benepisyo. Halimbawa, kung tumatanggap kayo ng mga benepisyo bilang isang retiradong empleyado, ang inyong benepisyo ay depende sa inyong petsa ng kapanganakan. Kung tumatanggap kayo ng mga benepisyo batay sa trabaho ng inyong asawa, ang petsa ng bayad ng inyong benepisyo ay depende sa petsa ng kapanganakan ng inyong asawa.

Petsa ng kapanganakan	Ang mga benepisyo na binabayaran bawat buwan sa
ika1 – ika-10	Pangalawang Miyerkoles
ika-11 – ika-20	Pangatlong Miyerkoles
ika-21 – ika-31	Pang-apat na Miyerkoles

Kung tumatanggap kayo ng Social Security at SSI na benepisyo, ang bayad ng inyong Social Security ay darating sa ikatlo ng buwan at ang bayad ng inyong SSI ay darating sa unang araw ng buwan.

Direct deposit

Kung hindi kayo sumali para sa direct deposit kapag nag-apply kayo para sa mga benepisyo, malakas naming hinihikayat na gawin ninyo ito.

Ang direct deposit ay isang simple, ligtas, at siguradong paraan upang matanggap ang inyong mga benepisyo. Tawagan ang inyong bangko upang matulungan kayong sumali. O kaya’y sumali para sa direct deposit sa pamamagitan ng pagkontak sa amin.

Kung wala kayong account, maaari rin kayo magbukas ng isang Electronic Transfer Account. Sa federally insured account na ito na mababâ ang gastos, magagamit ninyo ang ligtas, sigurado, at madaling automatic payments. Maaari ninyo kaming tawagan o bisitahin ang website sa www.eta-find.gov upang makakuha ng impormasyon tungkol sa programang ito, o kaya upang humanap ng isang bangko, savings and loan o credit union malapit sa inyo na mayroong ganitong account.

Kung ipinapadala sa inyo sa pamamagitan ng koreo ang inyong mga tseke

Maigi ang i-cash o ideposito ninyo ang inyong tseke oras na natanggap ninyo ito. Hindi ninyo dapat pirmahan ang inyong tseke hanggang kayo ay nasa lugar kung saan ninyo ito maaaring i-cash. Kung pinirmahan ninyo kaagad ang tseke at nawala ninyo ito, maaari itong i-cash ng taong nakahanap nito.

Ang tseke ng gobyerno ay dapat i-cash sa loob ng 12 buwan pagkatapos ng petsa ng tseke; kung hindi ay mapapasó ito. Pagkatapos ng isang taon, kung kwalipikado pa rin kayong makatanggap ng bayad, papalitan namin ang tsekeng napasó.

Kung ang inyong tseke ay náhuli o nawawala

Kung ang inyong tseke ay hindi nadeliber sa petsa kung kailan ito dapat matanggap, maghintay ng tatlong araw ng trabaho bago iulat ang nawawalang tseke sa amin. Ang pinakakaraniwang dahilan kung bakit náhuhuli ang tseke ay dahil hindi naiulat ang pagbabago ng address.

Kung ang inyong tseke ay nawala o ninakaw kahit kailanman, tawagan kami kaagad. Maaaring palitan ang inyong tseke, ngunit kinakailangan ng panahon para dito.

Ang pagsasauli ng mga benepisyong hindi dapat sa inyo

Kung nakatanggap kayo ng tseke na hindi dapat sa inyo, dalhin ito sa anumang tanggapan ng Social Security o isauli ito sa U.S. Treasury Department na nasa address sa sobra ng tseke. Dapat ninyo sulatan ng VOID ang harap ng tseke at dapat kayong maglagay ng paunawa kung bakit isinasauli ninyo ang tseke. Kung sadyâ kayong tumanggap ng mga bayad na hindi dapat sa inyo, maaari kayong mahabla.

Ang pagbayad ng tax sa inyong mga benepisyong

Mga one-third ng lahat ng mga taong tumatanggap ng mga benepisyong ng Social Security ay kailangang magbayad ng tax sa kanilang mga benepisyong. Dapat kayong magbayad ng tax sa inyong mga benepisyong kung nag-file kayo ng federal tax return bilang isang “individual,” at ang inyong kabuuang suweldo ay higit sa \$25,000. Kung nag-file kayo ng joint return, dapat kayong magbayad ng tax kung kayo at ang inyong asawa ay may kabuuang suweldo na higit sa \$32,000. Kung kayo ay may asawa at nag-file kayo ng hiwalay na return, malamang na magbabayad kayo ng tax sa inyong mga benepisyong.

Upang magpa-withhold ng federal taxes, tumawag sa libreng teleponong **1-800-829-3676** o bisitahin ang aming website upang kumuha ng isang W-4V na pormularyo mula sa Internal Revenue Service. Pagkatapos kumpletohin at pirmahan ang pormularyo, isauli ito sa tanggapan ng Social Security sa inyong lugar sa pamamagitan ng koreo o nang personal.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang libreng telepono ng Internal Revenue Service, 1-800-829-3676, upang hilingin ang Publikasyon 554, *Older Americans' Tax Guide (Patnubay sa Tax Para sa mga Amerikanong May Edad Na)*, at Publikasyon 915, *Social Security and Equivalent Railroad Retirement Benefits (Ang Social Security at Katumbas na Railroad Retirement Benefits)*. Ang pahayag na ito ay makukuha lang sa Ingles.

Mga libreng Social Security na serbisyo

Ayon sa ilang mga kompanya, maaari silang gumawa ng mga pagbabago sa pangalan o mga Social Security card nang may bayad. Ang mga serbisyong ito ay ibinibigay ng Social Security nang libre, kaya't huwag magbayad para sa isang bagay na libre. Tawagan kami o bisitahin muna ang aming website. Ang Social Security ay ang pinakamahusay na lugar upang makakuha ng impormasyon tungkol sa Social Security.

Mga update sa impormasyon

Paminsan-minsan ay padadalhan namin kayo ng mahalagang impormasyon tungkol sa inyong mga benepisyo sa Social Security, tulad ng:

- **Cost-of-living adjustments** Bawat Enero, ang inyong mga benepisyo ay awtomatikong tataas kung ang cost of living ay tumaas. Kung natatanggap ninyo ang inyong mga benepisyo gamit ang direct deposit, sasabihin namin sa inyo nang maaga ang inyong bagong halaga. Kung tseke ang natatanggap ninyo para sa inyong mga benepisyo, maglalagay kami ng paunawa kasama ng inyong tseke na magpapaliwanag sa cost-of-living adjustment.
- **Limit ng mga suweldo bawat taon** Kung kayo ay mas bata sa buong edad ng pagreretiro, may limit sa halaga na maaari ninyong kitain habang tumatanggap pa rin ng lahat ng inyong mga benepisyo sa Social Security. Ang halagang ito ay tumataas bawat taon. Sasabihin namin sa inyo nang maaga kung ano ang bagong halaga. Para sa karagdagang impormasyon, kasama ang mga limit para sa 2008, tingnan ang pahina 15.

Paano namin kayo makokontak

Karaniwan ay magpapadala kami ng sulat o paunawa sa inyo kapag nais namin kayong kontakin, pero minsan ay maaari kayong puntahan sa inyong tahanan ng isang kinatawan ng Social Security. Magpapakita ng ID ang aming kinatawan bago kayo kausapin tungkol sa inyong mga benepisyo. Kung nagdududa kayo sa isang

tao na nagsasabi na siya ay galing sa Social Security, tawagan ang tanggapan ng Social Security upang tanungin kung mayroon silang ipinadalang tao upang makipagkita sa inyo. At tandaan, hindi kailanman hihingi ang mga empleyado ng Social Security ng pera sa inyo upang gumawa ng isang bagay.

Ano ang dapat ninyo iulat sa amin

Ang inyong mga pananagutan

Mahalaga ang sabihin sa amin sa pinakamadaling panahon tuwing nangyari ang isa sa mga pagbabagong nakalista sa pahina 8-15.

***PAUNAWA:** Maaaring sumobra ang bayad kapag hindi naiulat ang isang pagbabago. Kung sobra ang ibinayad sa inyo, kukunin namin ang anumang mga bayad na hindi ninyo dapat natatanggap. At kung hindi ninyo iniulat ang mga pagbabago sa tamang panahon, o sadyâ kayong gumawa ng maling pahayag, maaaring itigil ang inyong mga benepisyo. Para sa unang paglabag, ang inyong mga benepisyo ay ititigil nang anim na buwan; para sa pangalawang paglabag, 12 buwan; at para sa pangatlo, 24 buwan.*

Maaari kayong tumawag, sumulat o bumisita sa amin upang mag-ulat. Ihanda ang inyong claim number. Kung tumatanggap kayo ng mga benepisyo batay sa inyong trabaho, ang inyong claim number ay kapareho ng inyong Social Security number. Kung tumatanggap kayo ng mga benepisyo sa record ng trabaho ng ibang tao, ang inyong claim number ay lalabas sa anumang sulat na ipapadala namin sa inyo tungkol sa inyong mga benepisyo.

Ang impormasyon na ibibigay ninyo sa ibang ahensiya ng gobyerno ay maaaring ibigay sa Social Security noong ibang ahensiya, pero dapat din ninyo iulat sa amin ang pagbabago.

Kung nagbago ang inyong mga tinantiyang kita

Kung kayo ay nagtrabaho, karaniwan namin kayong hihilinging tantyahin ang inyong mga kikitain para sa taon. Kung napansin ninyo pagkatapos noon na ang inyong kita ay magiging mas mataas o mas mababâ kaysa sa inyong tinantiya, sabihin

sa amin sa pinakamadaling panahon upang ma-adjust namin ang inyong mga benepisyo. Tingnan ang “Ang pagtrabaho at kasabay na pagkuha ng Social Security” sa pahina 15-17 para sa tulong upang makagawa ng mga wastong pagtantiya.

Kung lumipat kayo

Kapag nagplaplano kayong lumipat, sabihin sa amin ang inyong bagong address at telepono oras na alam na ninyo ito. Kahit na natatanggap ninyo ang inyong mga benepisyo gamit ang direct deposit, dapat malaman ng Social Security ang inyong tamang address upang mapadalhan namin kayo ng mga sulat at ibang mahalagang impormasyon. Ang inyong mga benepisyo ay ititigil kung hindi namin kayo makontak. Maaari ninyong baguhin ang inyong address sa aming website, www.socialsecurity.gov/onlineservices. O kaya’y tawagan ang **1-800-772-1213** at gamitin ang aming automated system.

Kung may sinumang kapamilya na tumatanggap ng mga benepisyo ang lilipat kasama ninyo, mangyaring ibigay sa amin ang kanilang mga pangalan. Siguraduhing mag-file din ng pagbago ng address sa inyong post office.

Kung nagbago kayo ng mga direct deposit account

Kung binago ninyo ang inyong mga bangko o nagbukas kayo ng isang bagong account, maaari ninyong baguhin ang inyong direct deposit online kung mayroon kayong isang personal identification number at isang password. O kaya’y maaari naming baguhin sa telepono ang impormasyon ukol sa inyong direct deposit pagkatapos namin beripikahin ang inyong identidad. Ihanda ang inyong mga bago at lumang bank account number kapag tumawag kayo sa amin. Ang mga ito ay makikita sa inyong mga personal na tseke o mga account statement. Inaabot ng mga 30-60 araw upang baguhin ang impormasyon na ito. Huwag isara ang inyong lumang account hangga’t hindi ninyo nasisigurado na ang inyong mga benepisyo sa Social Security ay dinedeposito sa bagong account.

Kung hindi kayang mapamahalaan ng isang tao ang mga pondo

Paminsan-minsan ay hindi kayang pamahalaan ng isang tao ang kanyang pera. Kapag ito’y nangyari, dapat may magsabi nito sa amin. Maaari kaming gumawa ng paraan upang ipadala ang mga benepisyo sa isang kamag-anak o ibang tao na sumasang-ayon na gamitin ang pera para sa kabutihan ng taong tumatanggap ng mga benepisyo. Ang taong ito ay tinatawag naming “representative payee” (kinatawag tumatanggap ng pera). Para sa karagdagang impormasyon, hilingin ang *A Guide For Representative Payees* (Publikasyon Blg. 05-10076, *Isang Patnubay para sa mga Representative Payees*). Ang pahayag na ito ay makukuha lang sa Ingles.

PAUNAWA: Ang mga taong may “power of attorney” para sa iba ay hindi awtomatikong kwalipikadong maging isang representative payee.

Kung tumatanggap kayo ng isang pension mula sa trabahong hindi sakop

Kung nagsisimula kayong tumanggap ng isang pension mula sa isang trabaho para kung saan hindi kayo nagbayad ng Social Security taxes—halimbawa, mula sa federal Civil Service Retirement System o anumang mga estado o lokal na pension system—maaaring kailangang kalkulahan muli ang inyong mga benepisyo sa Social Security, at maaaring mabawasan sila. At sabihin sa amin kung ang halaga ng inyong pension ay nagbago.

Kung kayo ay nag-asawa o nagdiborsyo

Kung kayo ay nag-asawa o nagdiborsyo, ang inyong mga benepisyo sa Social Security ay maaaring maapektohan, depende sa uri ng mga benepisyo na natatanggap ninyo.

Kung ang inyong mga benepisyo ay itinigil dahil sa kasal o muling pagpapakasal, maaari silang simulan muli kung winakasan na ang kasal.

May mga halimbawa, sa chart sa susunod na pahina.

Kung nakukuha ninyo ang:	Samakatwid:
Inyong sariling retirement benefits	Magpapatuloy ang inyong mga benepisyo.
Mga benepisyo ng asawa	Ang inyong mga benepisyo ay magpapatuloy kung kayo ay nagdiborsyo at kayo ay 62 taong gulang o mas matanda maliban kung kayo ay kasal nang wala pang 10 taon.
Mga benepisyo ng biyuda o biyudo	Ang inyong mga benepisyo ay magpapatuloy kung kayo ay nag-asawa muli kapag kayo ay 60 taong gulang o mas matanda.
Anumang ibang uri ng mga benepisyo	Sa pangkalahatan, ang inyong mga benepisyo ay titigil kapag kayo ay nag-asawa. Ang inyong mga benepisyo ay maaaring simulan muli kung winakasan na ang kasal.

Kung binago ninyo ang inyong pangalan

Kung binago ninyo ang inyong pangalan—sa pamamagitan ng pag-aasawa, diborsyo o utos ng korte—dapat ninyo ito sabihin sa amin kaagad. Kung hindi ninyo ibinigay sa amin ang impormasyon na ito, ang inyong mga benepisyo ay ibibigay sa ilalim ng inyong lumang pangalan at, kung mayroon kayong direct deposit, ang mga bayad ay maaaring hindi makarating sa inyong account. Kung tumatanggap kayo ng mga tseke, maaaring hindi ninyo sila mai-cash kung ang inyong ID ay naiiba sa pangalan na nasa inyong tseke.

Kung tumatanggap kayo ng mga benepisyo dahil may inaalagaan kayong bata

Kung tumatanggap kayo ng mga benepisyo dahil may inaalagaan kayong bata na wala pang 16 taong gulang o na may kapansanan, dapat ninyo sabihin kaagad sa amin kung ang bata ay hindi na ninyo inaalagaan o kung nagbago ang kanyang address. Ibigay sa amin ang pangalan at address ng taong kasama ng bata sa tahanan. Maaaring hindi maapektohan ng isang pansamantalang

paghihiwalay ang inyong mga benepisyo kung patuloy kayong nagpapalaki ng isang bata, pero ang inyong mga benepisyo ay titigil kung wala na kayong pananagutan para sa bata. Kung ang bata ay bumalik sa inyong pangangalaga, maaari naming simulan muli ang pagpapadala sa inyo ng mga benepisyo.

Ang inyong mga benepisyo ay magtatapos kapag ang pinakabatang walang asawang bata sa inyong pangangalaga ay umabot na ng 16 taong gulang, maliban kung ang bata ay may kapansanan. Ang mga benepisyo ng inyong anak ay maaaring magpatuloy tulad ng nakapaliwanag sa pahina 20-22.

Kung ang isang tao ay nag-ampon ng isang batang tumatanggap ng mga benepisyo

Kapag ang isang batang tumatanggap ng mga benepisyo ay inampon, sabihin sa amin ang bagong pangalan ng bata, ang petsa ng adoption decree, at ang pangalan at address ng nag-aampon na magulang. Hindi magtatapos ang mga benepisyo dahil sa pag-ampon.

Kung kayo ay naging isang magulang pagkatapos kayong magsimulang tumanggap ng mga benepisyo

Kung kayo ay naging magulang ng isang bata (kabilang ang isang inampon na bata) pagkatapos kayo nagsimulang tumanggap ng mga benepisyo, sabihin sa amin upang makapagpasiya kami kung ang bata ay kwalipikado para sa mga benepisyo.

Kung mayroong outstanding warrant (nakabinbin na utos) para arestuhin kayo

Dapat ninyo sabihin sa amin kung mayroon kayong outstanding arrest warrant para sa:

- Isang krimen na isang felony sa ilalim ng mga batas ng estado kung saan kayo nakatira; o kaya
- Isang krimen na mapaparusahan ng kamatayan o pagbilanggo nang higit sa isang taon sa mga estado kung saan ang mga krimen ay hindi klasipikado bilang mga felony.

Hindi kayo makakatanggap ng mga benepisyo sa Social Security para sa anumang mga buwan kung saan may outstanding arrest warrant para sa isang krimen na isang felony (o isang krimen na mapaparusahan ng kamatayan o pagbilanggo nang higit sa isang taon).

Kung kayo ay nahatulan ng isang kriminal na kasalanan

Kung kayo ay tumatanggap ng mga benepisyo sa Social Security at kayo ay nahatulan ng isang krimen, dapat sabihan kaagad ang Social Security. Ang mga benepisyo ay karaniwang hindi binabayaran para sa mga buwan na ang isang tao ay nakakulong, pero ang sinumang ibang mga kapamilya na kwalipikado ay maaaring patuloy na makatanggap ng mga benepisyo.

Kung kayo ay may ginawang krimen at kayo ay ipinasok sa isang institusyon

Ang mga benepisyo ay karaniwang hindi binabayaran sa mga taong may ginawang krimen at ipinasok sa isang institusyon alinsunod sa utos ng hukuman at sa gastos ng publiko. Ito'y umaaplay kung ang tao ay natuklasang:

- Walang sala dahil may sira sa ulo o mga katulad na factor (tulad ng sakit sa kaisipan, depekto sa kaisipan, o kakulangan sa kaisipan); o kaya
- Walang kakayahang manindigan sa trial (paglilitis).

Kung nilabag ninyo ang kondisyon ng parole o probation

Dapat ninyo sabihin sa amin kung nilabag ninyo ang isang kondisyon ng inyong probation o parole na ipinataw sa ilalim ng pederal o estadong batas. Hindi kayo makakatanggap ng mga benepisyo sa Social Security para sa anumang buwan kung kailan ninyo nilabag ang isang kondisyon ng inyong probation o parole.

Kung umalis kayo sa Estados Unidos

Kung kayo ay isang U.S. citizen, maaari kayong magbiyahe o tumira sa karamihan ng mga ibang bansa nang hindi naaapektohan ang inyong mga benepisyo sa Social Security.

Gayunman, mayroong ilang mga bansa kung saan hindi kami makapagpapadala ng mga bayad sa Social Security. Ang mga bansang ito ay Cambodia, Cuba, North Korea, Vietnam at mga lugar na nasa dating Soviet Union (maliban sa Armenia, Estonia, Latvia, Lithuania at Russia). Gayunman, maaaring gumawa ng mga eksepsiyon para sa ilang mga kwalipikadong benepisyaryo sa mga bansa maliban sa Cuba at North Korea. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga eksepsiyon na ito, mangyaring kontakin ang tanggapan ng Social Security sa inyong lugar.

Sabihin sa amin kung plano ninyong lumabas ng Estados Unidos para sa isang biyahe na magtatagal nang 30 araw o higit pa. Sabihin sa amin ang pangalan ng bansa o mga bansa na plano ninyong bisitahin at ang petsa kung kailan ninyo inaasahang umalis ng Estados Unidos. Padadalhan namin kayo ng mga tanging tagubilin sa pag-uulat at sasabihin namin sa inyo kung paano gagawa ng paraan para sa inyong mga benepisyo habang wala kayo. Siguraduhing sabihin sa amin kapag bumalik kayo sa Estados Unidos.

Kung hindi kayo isang U.S. citizen at bumalik kayo sa Estados Unidos upang manirahan, dapat kayong magbigay ng ebidensiya ng inyong noncitizen status upang patuloy na matanggap ang mga benepisyo. Kung kayo ay nagtrabaho sa labas ng Estados Unidos, naiiba ang mga patakarang umaaplay kapag tinitiyak kung matatanggap ninyo ang inyong mga benepisyo.

Para sa karagdagang impormasyon, hilingin ang (Publikasyon Blg. 05-10137, *Ang Inyong mga Bayad Habang Kayo ay Nasa Labas ng Estados Unidos*). Ang pahayag na ito ay makukuha lang sa Ingles.

Kung nagbago ang inyong citizen status

Kung hindi kayo isang citizen, sabihin sa amin kapag kayo ay naging U.S. citizen o kung nagbago ang inyong noncitizen status. Kung napasô ang inyong immigration status, dapat kayong magbigay sa amin ng bagong ebidensiya na nagpapakita na patuloy kayong nasa Estados Unidos nang legal.

Kung namatay ang isang benepisyaryo

Sabihin sa amin kung ang isang taong tumatanggap ng mga benepisyo ng Social Security ay namatay. Ang mga benepisyo ay hindi maaaring bayaran para sa buwan ng kamatayan. Ibig

sabihin nito, kung ang tao ay namatay kahit kailan sa Hulyo, halimbawa, ang tsekeng natanggap sa Agosto (na siyang bayad para sa Hulyo) ay dapat isauli. Kung ginagamit ang direct deposit, iulat din sa bangko ang pagkamatay sa pinakamadaling panahon upang maisauli nito ang anumang mga pagbabayad na natanggap pagkatapos ng pagkamatay.

Ang mga kapamilya ay maaaring kwalipikado para sa Social Security survivors benefits kapag ang isang taong tumatanggap ng mga benepisyo ay namatay.

Kung kayo ay tumatanggap ng Social Security at Railroad Retirement benefits

Kung kayo ay tumatanggap ng Social Security at Railroad Retirement benefits batay sa trabaho ng inyong asawa, at ang inyong asawa ay namatay, dapat ninyo sabihin sa amin kaagad. Hindi na kayo magiging kwalipikadong makatanggap nitong dalawang benepisyo. Sasabihin sa inyo kung aling survivor benefit ang matatanggap ninyo.

Ang pagtrabaho at kasabay na pagkuha ng Social Security

Paano naaapektohan ng mga kita ang inyong mga benepisyo

Maaari kayong patuloy na magtrabaho at patuloy na makakuha pa rin ng retirement benefits ng Social Security. Ang inyong mga kita sa (at pagkatapos) ng buwan na narating ninyo ang inyong buong edad ng pagreretiro ay hindi makakaapekto sa inyong mga benepisyo sa Social Security. Gayunman, ang inyong mga benepisyo ay babawasan kung ang inyong mga kita ay lumampas sa mga takdang limit para sa mga buwan bago ninyo narating ang inyong buong edad ng pagreretiro. (Ang buong edad ng pagreretiro ay 66 para sa mga taong ipinanganak noong 1943-1954 at dahan-dahang tataas ng 67 para sa mga taong ipinanganak noong 1960 o pagkatapos noon.)

- Kung kayo ay mas bata sa buong edad ng pagreretiro, \$1 sa mga benepisyong ibabawas para sa bawat \$2 na kita na mayroon kayo lampas ng limit bawat taon (\$13,560 sa 2008).
- Sa taon kung kailan inabot ninyo ang inyong buong edad ng pagreretiro, ang inyong mga benepisyong babawasan ng \$1 para sa bawat \$3 na kinita ninyo lampas ng ibang limit (\$36,120 sa 2008) hanggang sa buwan na inabot ninyo ang buong edad ng pagreretiro. Pagkatapos ay makukuha ninyo ang inyong buong bayad sa benepisyong Social Security, gaano man kalaki ang inyong kinikita.

Kung kayo ay mas bata sa buong edad ng pagreretiro at ang ilan sa inyong mga benepisyong hindi ibinigay dahil ang inyong mga kita ay higit sa \$13,560, mayroong ilang mga mabuting balita. Kapag narating na ninyo ang buong edad ng pagreretiro, ang inyong mga benepisyong tataas upang isama ang mga buwan kung kailan hindi kayo tumanggap ng benepisyong o tumanggap kayo ng mas kaunting benepisyong.

At maaaring pataasin ng anumang mga suweldo na kinita ninyo pagkatapos sumali sa Social Security ang inyong mga pangkalahatang karaniwang kita, at ang inyong benepisyong ay maaaring tumaas.

Para sa karagdagang impormasyon, hilingin ang *Paano Na-apektohan ng Trabaho ang Inyong mga Benepisiyo* (Publikasyon Blg. 05-10069-TL).

Isang tanging buwanang patakarang

Paminsan-minsan, ang mga taong nagreretiro sa gitna ng taon ay kumita na ng higit sa taunang limit sa kita. Ito ang dahilan kung bakit may special monthly rule (tanging buwanang patakarang) na umaaplay sa mga kita para sa isang taon, karaniwan sa unang taon ng pagreretiro. Sa ilalim ng patakarang ito, makukuha ninyo ang mga buong benepisyong Social Security para sa anumang buong buwan na kumita kayo ng mas kaunti sa isang takdang limit, anuman ang inyong mga kita bawat taon.

Sa 2008, ang isang taong mas bata sa buong edad ng pagreretiro (66 taon para sa mga taong ipinanganak noong 1943-1954) ay itinuturing na retirado kung ang mga buwanang kita ay \$1,130 o mas mababâ. Halimbawa, si John Smith ay magreretiro sa edad na

62 sa ika-30 ng Agosto 2008. Siya’y kikita ng \$45,000 hanggang Agosto. Kukuha siya ng part-time na trabaho simula sa Setyembre, at kikita ng \$500 bawat buwan. Bagama’t ang kanyang mga kita para sa taon ay lumalampas nang malaki sa 2008 limit (\$13,560), tatanggap siya ng bayad ng Social Security para sa Setyembre hanggang Disyembre. Ito’y dahil ang kanyang mga kita sa mga buwan na iyon ay mas mababâ sa \$1,130, ang special na “unang taon ng pagreretiro” na buwanang limit para sa mga taong mas bata sa buong edad ng pagreretiro. Kung si Mr. Smith ay kumita nang higit sa \$1,130 sa alinman sa mga buwan na iyon (Setyembre hanggang Disyembre), hindi siya tatanggap ng benepisyo para sa buwan na iyon.

Simula sa 2009, ang mga taunang limit lamang ang aaplay sa kanya dahil siya’y lampas na ng kanyang unang taon ng pagreretiro at nagamit na niya ang special monthly rule noong taon na iyon.

Kung kayo ay nasa sariling empleyo, ang buwanang limit ay depende sa kung marami kayong serbisyong ginagawa sa inyong negosyo. Sa pangkalahatan, kung kayo ay nagtrabaho nang higit sa 45 oras bawat buwan sa sariling empleyo, hindi kayo makakakuha ng mga benepisyo para sa buwan na iyon.

Para sa karagdagang impormasyon upang malaman kung marami ang inyong trabaho, hilingin ang *Kapag Nagretiro Ka Mula Sa Iyong Sariling Negosyo: Ano Ang Dapat Mong Malaman* (Publikasyon Blg. 05-10038-TL).

Kung nagtrabaho kayo upang makakuha ng suweldo

Ang mga suweldo ay binibilang para sa limit ng kita kapag sila’y kinita, hindi kapag sila’y binayaran. Kung mayroon kayong kita na kinita sa isang taon, pero ang bayad ay ipinagpaliban sa susunod na taon, ang mga kita na ito ay hindi bibilangin para sa taon kung kailan ninyo sila natanggap. Kabilang sa ilang halimbawa ng deferred income ang naipong sick o vacation pay, mga bonus, stock option at iba pang deferred compensation. Kung kayo ay binayaran ng mga suweldo sa isang taon para sa trabaho na ginawa ninyo sa mga nakaraang taon, dapat ninyo kaming kontakin.

Nakipag-ayos kami sa Internal Revenue Service upang maiulat ng mga tagapag-empleyo ang ilang mga uri ng deferred compensation sa W-2 na pormularyo mismo. Ang mga halagang ito ay ipinapakita sa isang kahon na may nakasulat na “Nonqualified Plan.” Ibabawas namin ang halagang ipinapakita sa kahon mula sa inyong mga kabuuang kita upang malaman kung aling mga kita ang isasama namin para sa taong iyon.

Kung kayo ay nasa sariling empleyo

Kung kayo ay nasa sariling empleyo, ang kita ay nabibilang kapag ito ay natanggap ninyo—hindi kapag ito’y kinita ninyo—maliban kung ito’y binayaran sa isang taon pagkatapos ninyo maging kwalipikado para sa Social Security at ito’y kinita bago kayo naging kwalipikado para sa Social Security. Halimbawa, kung nagsimula kayong tumanggap ng Social Security sa Hunyo 2007 at tumanggap kayo ng kaunting pera sa Pebrero 2008 para sa trabahong ginawa ninyo bago ng Hunyo 2007, hindi ito isasama sa inyong limit sa kita para sa 2008. Gayunman, kung ang perang tinanggap ninyo sa Pebrero 2008 ay para sa trabahong ginawa ninyo pagkatapos ng Hunyo 2007, ito’y isasama sa inyong limit para sa 2008.

Ang pag-ulat ng inyong mga kita

Dahil ang inyong mga kita ay maaaring makaapekto sa inyong mga benepisyo sa Social Security, kailangan namin malaman kung magkano ang kinikita ninyo sa taon. Karaniwan naming kinukuha ang ganoong impormasyon mula sa:

- Mga kita na iniulat ng inyong tagapag-empleyo sa inyong W-2; at
- Inyong mga kita para sa sariling empleyo na nasa inyong income tax return.
- Dapat ninyo iulat sa amin ang inyong mga kita sa katapusan ng taon kapag lamang:
 - Kayo ay kwalipikado para sa special monthly rule (tingnan ang pahina 16) at kumita kayo nang mas kaunti kaysa sa buwanang limit (kung ganoon, sabihin sa amin upang mabayaran namin kayo ng mga benepisyo para sa buwan na iyon);

- Ang ilan o lahat ng mga kita na lumalabas sa inyong W-2 ay hindi kinita sa taon na iniulat;
- Ang inyong mga suweldo ay lampas ng limit at nagkaroon din kayo ng net loss sa sariling empleyo;
- Ipinapakita ng inyong W-2 ang mga suweldo na iniulat ng tagapag-empleyo na isasama ninyo sa isang self-employment tax return (halimbawa, mga minister);
- Nag-file kayo ng self-employment tax return, pero hindi kayo nagsagawa ng anumang mga serbisyo sa inyong negosyo o ang inyong filing ng tax return ay ginagawa bawat fiscal year;
- Kayo ay isang magsasaka at tumatanggap kayo ng mga bayad ng pederal na programa sa pagsasaka o mayroon kayong kita mula sa carryover crops; o kaya
- Nag-withhold kami ng ilang mga benepisyo, pero wala kayong kita para sa taon o ang inyong mga kita ay mas kaunti kaysa sa sinabi ninyo sa amin.

Kung kailangan naming iakmâ ang inyong mga benepisyo, batay sa inyong ulat, sasabihin namin sa inyo. Mahalaga na rebyuhin ninyo ang impormasyon. Sa bandang kalagitnaan ng taon, maaari namin kayong padalhan ng isang sulat na nagsasabi sa inyo na tantiyahin ninyo ang inyong kasalukuyang kita at kita sa susunod na taon. Ang inyong mga tantiya ay tutulong sa amin na iwasan ang magbayad sa inyo nang sobra o masyadong kaunting mga benepisyo.

***PAUNAWA:** Kung tumatanggap din kayo ng Supplemental Security Income (SSI) na mga kabayaran bukod pa sa inyong mga benepisyo sa Social Security, dapat ninyo iulat ang lahat ng inyong mga kita sa Social Security.*

Ang tantiya ng inyong mga kita at ang inyong mga benepisyo

Iniakmâ namin ang inyong mga benepisyo sa taon na ito batay sa mga kita na sinabi ninyong inaasahan ninyong matanggap sa taong ito.

Kung ang ibang mga kapamilya ay nakakakuha ng mga benepisyo batay sa inyong trabaho, maaaring maapektohan

ng inyong mga kita ang mga kabuuang benepisyo ng pamilya. Pero kung nakakatanggap kayo ng mga benepisyo bilang isang kapamilya, ang inyong mga benepisyo lamang ang maaapektohan ng inyong mga kita.

Ang pagbabago ng inyong tantiya

Kapag kayo ay nagtrabaho, dapat ninyo ipunin ang inyong mga pay stub. Kahit kailan sa taon, kung napansin ninyo na ang inyong mga kita ay maiiba sa tinantiya ninyo, dapat ninyo kaming tawagan upang baguhin ang tinantiya. Matutulungan kami nitong panatilihin tama ang inyong mga benepisyo sa Social Security.

Iba pang mahalagang impormasyon

Mga retirement benefit para sa mga biyudo o biyuda

Maaari kayong lumipat sa retirement benefits batay sa inyong sariling trabaho kung ang mga ito ay mas mataas kaysa sa natatanggap ninyo bilang resulta ng trabaho ng inyong asawang namatay. Ang mga benepisyo na ito ay maaaring mas mataas kasing aga ng edad na 62 o maaaring kasing huli ng edad na 70. Ang mga patakaran ay masalimuot at nag-iiba-iba depende sa inyong sitwasyon. Kung hindi pa kayo nakikipag-usap sa isang kinatawan ng Social Security tungkol sa mga benepisyo ng pagreretiro (o kung may pagbabago sa inyong buhay), kontakin ang tanggapan ng Social Security sa inyong lugar upang pag-usapan ang inyong mga opsyon.

Mga benepisyo para sa mga bata

Kung ang isang bata ay tumatanggap ng mga benepisyo batay sa inyong trabaho, may mga mahalagang bagay na dapat ninyo malaman tungkol sa kanyang mga benepisyo:

- **Kapag ang isang bata ay umabot na ng 18 taong gulang** — Ang mga benepisyo ng isang bata ay titigal sa buwan bago umabot ng 18 taong gulang ang bata, maliban kung ang bata ay may kapansanan o isang full-time na estudyante sa elementary o high school.

- Mga limang buwan bago ng ika-18 kaarawan ng bata, ang taong tumatanggap ng mga benepisyo para sa bata ay makakatanggap ng isang pormularyo na magpapaliwanag kung paano maaaring magpatuloy ang mga benepisyo.
- Maaaring mapasimulan muli ng isang bata na ang mga benepisyo ay tumigil sa edad na 18 kapag siya’y nagkaroon ng kapansanan bago dumating ng 22 taong gulang o naging isang full-time elementary o high school na estudyante bago umabot ng 19 taong gulang.
- **Kung ang isang bata ay may kapansanan**
 - Ang isang bata ay maaaring patuloy na makatanggap ng mga benepisyo pagkatapos ng 18 taong gulang kung siya ay may kapansanan. Ang bata ay maaari ring kwalipikado para sa mga bayad ng SSI para sa kapansanan. Tawagan kami para sa karagdagang impormasyon.
- **Kung ang isang batang 18 taong gulang ay isang estudyante**
 - Ang isang bata ay makakatanggap ng mga benepisyo hanggang 19 taong gulang kung patuloy siyang maging isang full-time elementary o high school na estudyante. Kapag ang ika-19 na kaarawan ng inyong anak ay nangyari habang isinasagawa ang school term, ang mga benepisyo ay maaaring ipagpatuloy hanggang natapos ang term, o nang dalawang buwan pagkatapos ng ika-19 na kaarawan, alinman ang nauna.
 - Ang Social Security ay dapat sabihan kaagad kung ang estudyante ay tumigil sa pagpasok sa paaralan, nagbago ng attendance mula full-time upang maging part-time, pinaalis sa paaralan o sinuspindi, o nagbago ng paaralan. Dapat din kaming sabihan kung ang estudyante ay binabayaran ng kanyang tagapag-empleyo upang pumasok sa paaralan.
 - Nagpapadala kami ng pormularyo sa bawat estudyante sa simula at katapusan ng school year. Mahalaga ang sulatan ang pormularyo at isauli ito sa amin. Ang mga benepisyo ay maaaring itigil kung hindi namin natanggap ang pormularyo.
 - Ang isang estudyante ay maaaring patuloy na makatanggap ng mga benepisyo para sa panahon ng bakasyon na nagtatagal

ng apat na buwan o mas kaunti kung plano niyang bumalik sa paaralan nang full time sa katapusan ng bakasyon.

—Ang isang estudyante na tumigil sa pagpasok sa paaralan ay karaniwang makakatanggap muli ng mga benepisyo kung siya’y bumalik sa paaralan nang full time bago dumating ng 19 taong gulang. Dapat kami kontakin ng estudyante upang mag-aplay muli para sa mga benepisyo.

- **Paano naaapektohan ng diborsyo ang mga benepisyo ng isang stepchild**

—Kung ang isang stepchild ay tumatanggap ng mga benepisyo batay sa inyong trabaho at kayo at ang magulang ng bata ay nagdiborsyo, ang benepisyo ng stepchild ay magtatapos sa buwan pagkatapos naging final ang diborsyo. Dapat ninyo sabihin sa amin kaagad kapag final na ang diborsyo.

Makakakuha ba kayo ng SSI?

Kung kaunti lamang ang inyong kita at pag-aari, maaaring makatulong ang SSI. Ang SSI ay isang pederal na programa na pinamamahalaan namin. Ito ay tinutustusan ng mga pangkalahatang revenue, hindi mula sa mga tax sa Social Security.

Ang SSI ay nagbabayad ng mga buwanang tseke sa mga taong 65 taong gulang o mas matanda, o na bulag o may kapansanan. Kung tumatanggap kayo ng SSI, maaari kayong makakuha ng iba pang mga benepisyo, tulad ng Medicaid, food stamps, at iba pang social services.

Hindi namin isinasama ang ilang kita at ilang mga pag-aari kapag nagpapasiya kami kung kayo ay kwalipikado para sa SSI. Ang inyong bahay at inyong sasakyan, halimbawa, ay karaniwang hindi tinuturing na mga pag-aari. Tawagan kami para sa karagdagang impormasyon o upang mag-aplay para sa SSI.

Isang mensahe tungkol sa food stamps

Makakakuha kayo ng impormasyon at aplikasyon para sa food stamp mula sa anumang tanggapan ng Social Security. O kaya’y tawagan ang aming libreng matatawagang numero. Hilingin ang *Food Stamps And Other Nutrition Programs* (Publikasyon Blg. 05-10100, *Food Stamps At Iba Pang mga*

Programang sa Nutrisyon. Ang pahayag na ito ay makukuha lang sa Ingles.) o kaya *Mga Katunayan ng Food Stamp* (Publikasyon Blg. 05-10101-TL).

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa isang desisyon na ginawa namin

Kung mayroon kayong anumang mga katanungan tungkol sa halaga ng inyong bayad o impormasyon na ipinapadala namin sa inyo, kontakin kami.

Kung hindi kayo sumasang-ayon sa desisyon na ginawa namin, mayroon kayong karapatang hilinging magdesisyon muli dito. Ang inyong kahilingan ay dapat nakasulat at dapat ipadala sa anumang tanggapan ng Social Security sa loob ng 60 araw ng petsa na natanggap ninyo ang sulat kung saan kayo may tanong.

Kung hindi pa rin kayo nasisiyahan, mayroon pang ibang mga hakbang na magagawa. Hilingin ang *Ang Inyong Karapatang Magtanong Tungkol sa Desisyon na Ginawa sa Inyong Claim* (Publikasyon Blg. 05-10058).

Ang inyong karapatang magpakatawan

Mayroon kayong karapatang magpakatawan sa isang abogado o ibang kwalipikadong tao na pinili ninyo sa anumang pakikipagtalakay sa amin. Hindi ito ibig sabihin na kailangan ninyong magkaroon ng isang abogado o ibang kinatawan, pero matutuwa kaming makipagtulungan sa isa kung nais ninyo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagkuha ng isang kinatawan, hilingin ang *Ang Karapatan Mo Sa Kinatawan* (Publikasyon Blg. 05-10075-TL).

Proteksyon ng inyong personal na impormasyon

Dapat ninyo itago ang inyong Social Security card sa isang ligtas na lugar kasama ng inyong ibang mga mahahalagang dokumento. Huwag ito dalhin maliban kung kailangan ninyo ito ipakita sa isang empleyado o tagapagbigay ng serbisyo.

Itinatago ng Social Security ang personal at lihim na impormasyon—mga pangalan, mga Social Security number, mga rekord ng kita, mga edad at mga address ng benepisyaryo—para sa milyun-milyong mga tao. Sa pangkalahatan, tatalakayin lamang

namin ang inyong impormasyon sa inyo. Kapag tumawag kayo o bumisita kayo sa amin, marami kaming tatanungin sa inyo upang tulungan kaming patunayan ang inyong identidad. Kung nais ninyong magpatulong sa iba sa pakikipag-usap sa Social Security, kailangan namin ang inyong pahintulot na makipag-usap sa taong iyon tungkol sa inyong impormasyon.

Hinihikayat namin kayong pag-ingatan ang inyong Social Security number at protektahan ang pagiging lihim nito tuwing maaari.

Dedikado kami sa pagprotekta ng pagka-pribado ng mga rekord. Kami ay inaatasan ng batas na magbigay ng impormasyon sa ibang mga ahensiya ng gobyerno na namamahala sa mga programa ng kalusugan at kawanggawa, tulad ng Medicaid at food stamps, ngunit ang mga ahensiyang iyon ay hindi pinahihintulatang ibahagi ang impormasyong iyon sa sinumang iba.

Tungkol sa Medicare

Ang Medicare ay isang plano ng health insurance (seguro sa kalusugan) para sa mga taong 65 o mas matanda. Ang mga taong may kapansanan o may permanenteng kidney failure o may amyotrophic lateral sclerosis (Lou Gehrig's disease) ay makakakuha ng Medicare sa anumang edad.

Ang Medicare ay may apat na bahagi

- Ang hospital insurance (Part A) ay tumutulong sa pagbayad ng inpatient na pangangalaga sa ospital at ilang mga follow-up na serbisyo.
- Ang medical insurance (Part B) ay tumutulong sa pagbayad ng mga serbisyo ng doktor, outpatient na pangangalaga sa ospital at iba pang mga medikal na serbisyo.
- Ang Medicare Advantage plans (Part C) ay makukuha sa maraming lugar. Maaaring piliin ng mga taong may Medicare Part A at B na matanggap ang lahat ng kanilang mga serbisyo sa health care sa pamamagitan ng isang provider na organisasyon sa ilalim ng Part C.

- Ang prescription drug coverage (Part D) ay tumutulong sa pagbayad ng mga gamot na inirereseta ng mga doktor para sa pagpapagamot.

Sino ang kwalipikado para sa hospital insurance (Part A)?

Ang karamihan ng mga tao ay nakakakuha ng hospital insurance kapag sila'y umabot ng 65 taong gulang. Awtomatiko kayong kwalipikado para dito kung kayo ay kwalipikado para sa Social Security o Railroad Retirement benefits. O kaya'y maaaring kwalipikado kayo batay sa trabaho ng asawa (kabilang ang trabaho ng diborsyadong asawa). Ang iba ay kwalipikado dahil sila'y mga empleyado ng gobyerno na hindi sakop ng Social Security na nagbayad ng Medicare tax.

Kung nakakakuha kayo ng Social Security disability benefits nang 24 buwan, magiging kwalipikado kayo para sa hospital insurance.

Kung nakakakuha kayo ng disability benefits dahil kayo ay may amyotrophic lateral sclerosis (Lou Gehrig's disease), hindi kayo kailangang maghintay ng 24 buwan upang maging kwalipikado.

At ang mga taong may permanenteng kidney failure na nangangailangan ng maintenance dialysis o kidney replacement ay kwalipikado para sa hospital insurance kung sapat ang katagalan ng kanilang pagtrabaho o kung sila'y asawa o anak ng isang taong sapat ang katagalan ng pagtrabaho.

Sino ang makakakuha ng medical insurance (Part B)?

Halos sinuman na kwalipikado para sa hospital insurance ay maaaring sumali sa medical insurance. Ang Part B ay isang opsyonal na programa. Hindi ito libre. Sa 2008, ang standard na premium bawat buwan ay \$96.40. Ang ilang mga taong may mas mataas na kita ay magbabayad ng mas mataas na premium.

Sino ang makakakuha ng Medicare Advantage plans (Part C)?

Ang sinumang may Medicare hospital insurance (Part A) at medical insurance (Part B) ay maaaring sumali sa isang Medicare Advantage plan. Kabilang sa Medicare Advantage plans ang:

- mga plano ng Medicare sa pinamahalaang pangangalaga;
- Medicare preferred provider organization (PPO) plans;
- mga plano ng Medicare na private fee-for-service (pribadong bayad-para-sa-serbisyo); at
- Medicare specialty plans.

Maaaring kailangan kayong magbayad ng premium bawat buwan dahil sa mga karagdagang benepisyo na inaalok ng plano ng Medicare Advantage.

Sino ang makakakuha ng Medicare prescription drug plan coverage (Part D)?

Ang sinumang may Medicare hospital insurance (Part A) o medical insurance (Part B) o may Medicare Advantage plan (Part C) ay kwalipikado para sa prescription drug coverage (Part D). Ang prescription insurance ay opsyonal, at magbabayad kayo ng karagdagang buwanang premium para sa coverage.

Para sa karagdagang impormasyon, tawagan kami at hilingin ang *Medicare* (Publikasyon Blg. 05-10043-TL).

Tulong sa mga gastos sa Medicare para sa mga taong mababâ ang kita

Kung ikaw kumikita ng mababa at ka-kaunti ang mga pag-aaring yaman mo, ang state ay maaaring bayaran ang iyong mga kabayaran sa Medicare at, sa ilang mga kaso, ang ibang mga “labas-sa-bulsang” (“out-of-pocket”) pagga-gamutang gastos, tulad ng mga kabawasan (deductible) at may kaseguraduhang (coinsurance).

Ang state mo lang ang maka-kapagpasiya kung karapat-dapat ka para sa tulong sa ilalim ng palatuntunang ito. Kung sa palagay mong ikaw ay may karapatan, makipag-bigay alam ka sa state o sangay ng lokal na pagga-gamutang pag-tulong (Medicaid), mga pang-lipunang tulong (social services) o tanggapan sa pagka-kawanggawa (welfare office). Maka-kakuha ka ng marami pang karagdagang kaalaman tungkol sa palatuntunang ito mula sa publikasyong, *If you need help paying Medicare costs, there are programs that can help you save money*, Publikasyon CMS-10126). Upang makakuha ng kopya, tumawag ng libre sa Medicare, **1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)**. Kung ikaw ay bingi o may kahirapan sa pandinig, maaari mong tawagan ang aming TTY na numero sa, **1-877-486-2048**.

“Karagdagang tulong” sa mga gastos sa de-resetang gamot sa Medicare

Kung mayroon kayong Medicare at kaunti lamang ang inyong kinikita at mga pag-aari, maaaring kwalipikado kayo para sa karagdagang tulong sa pagbayad ng inyong mga de-resetang gamot sa ilalim ng Medicare Part D. Ang tungkulin ng Social Security ay ang tulongan kayong maunawaan kung paano maaaring maging kwalipikado at iproseso ang inyong aplikasyon para sa karagdagang tulong. Upang malaman kung kayo ay kwalipikado, o upang mag-aplay, tawagan ang libreng telepono ng Social Security o bisitahin ang aming website.

www.socialsecurity.gov



Social Security Administration

SSA Publication No. 05-10077-TL

What You Need To Know When You Get
Retirement Or Survivors Benefits (Tagalog)

January 2008

